

LUNSOD NG SAN DIEGO
Alkalde



DONNA FRYE
Miyembro ng Konseho, Negosyante

“SI DONNA FRYE AY ANG TANGING INIHALAL NA OPISYAL NA BUMOTO LABAN SA PAGTATAAS NG MGA BENEPISYO AT SERYOSONG TINANGGAP ANG AKING MGA BABALA TUNGKOL SA GUSOT SA PENSIYON NANG TUMESTIGO AKO NOONG NOBYEMBRE 2002.” Diann Shipione

SI DONNA FRYE AY

ANG LIDER NA KILALA NATIN AT PINAGKAKATIWALAAN NA

- SASABIHIN SA INYO ANG KATOTOHANAN at GAGAWIN ANG PAMAHALAAN NA MAY PANANAGUTAN
- PATITIGILIN ANG MGA PATAGONG NEGOSASYON at LILINISIN ANG KRISIS SA PENSIYON
- REREPORMAHIN ANG TANGGAPAN NG LUNSOD at UUNAHIN ANG INTERES NG PUBLIKO
- POPROTEKTAHAN ANG MGA MAY-ARI NG PRIBADONG ARI-ARIAN LABAN SA ABUSO NG PAMAHALAAN NG EMINENT DOMAIN

ANG LIDER NA MAY TAMANG KARANASAN AT EDUKASYON

- Matagumpay na May-ari ng Maliit na Negosyo mula noong 1988 kasama ang asawa, si Skip
 - Batsilyer ng Pangangasiwa ng Negosyo,
 - Residente ng San Diego mula noong 1957
- Tagapagtatag at Direktor ng organisasyon ng Malinis na Tubig
- Tagapagtaguyod ng Komunidad at higit sa 20 taon na Boluntaryo
 - Independiyenteng Miyembro ng Konseho ng Lunsod
 - Babae ng Taon ng Senado ng Estado ng California, 2004
- Tagapangulo, Komite sa Pagiging Mabisa at Bukas ng Pamahalaan
 - Tagapangulo, Pangangalaga ng Ilog San Diego
- Sinusuportahan ng Liga ng mga Botante ng Konserbasyon at Sierra Club

Magkakasama, rerepormahin natin ang City Hall at lilikha ng mas mabuting hinaharap para sa lahat ng Taga-San Diego.

Para sa karagdagang imporamasyon, tumawag lamang sa (619) 280-FRYE o bisitahin ang www.DonnaFryeforMayor.com

LUNSOD NG SAN DIEGO Alkalde



JERRY SANDERS
Negosyante, Retiradong Hepe ng Pulisya

ANG NABIGONG PAMUMUNO AY HUMANTONG SA KRISIS SA TANGGAPAN NG LUNSOD

Ang City Hall ay hindi makapagsabi ng HINDI sa mga paghingi ng mas matataas na benepisyong pensiyon, at natakot na sabihin sa atin ang katotohanan tungkol sa mga problema sa pananalapi. Ang isang pagtatakip ay humantong sa iba pa, hanggang ang ating lunsod ay naging pambansang halimbawa ng maling pamamahala. Ngayon, ang krisis ay nagbabanta sa mga pangunahing serbisyo ng lunsod.

REKORD NG PAGLILIGTAS SA MGA NAGKAPROBLEMANG MGA ORGANISASYON

Bilang hepe ng pulisya, pinalawak ni Jerry ang pagbabantay ng kapitbahayan, binawasan ang krimen ng 49% at ibinalik ang pagtitiwala ng publiko. Sa United Way, pinutol niya ang burukrasya at itinaas ang suporta para sa mga organisasyon ng komunidad. Nang ang Red Cross ay pinupulaan, binuksan niya ang mga pananalapi para suriin ng publiko, muling itinayo ang reputasyon ng ahensiya.

GAGAWIN NI JERRY ANG ATING LUNSOD NA MAIPAGMALALAKI NATING MULI

- Lilinisin ni Jerry ang City Hall, magdadala ng panlabas na pangkat ng mga iginagalang na tagapamahala mula sa pampubliko at pribadong sektor.
- Ang plano ni Jerry ay mag-aayos sa burukrasya at magbabawas ng higit sa \$10 milyon kada taon sa sobrang gastos (www.JerrySandersforMayor.com).
- Ang mga reporma sa pananalapi ay magbabalik ng ating magandang marka sa kredito, bibigyan tayo ng mga kakayahan na bawasan ang dumi sa dalampasigan at look, pahuhusayin ang mga parke, ibabalik ang mga oras ng aklatan at programang 6-hanggang-6 - nang hindi magtataas ng mga buwis o bayad.
- Ang mga etika at serbisyo sa parokiyano ay nagsisimula sa itaas. Ibabalik ni Jerry ang pagtitiwala at paggalang sa pamahalaan ng lunsod.